Pasasalamat

Sa ngalan ng BAKAS, Inc.-Bahay Saliksikan sa Kasaysayan at ng Pila Historical Society Foundation, Inc., taos-pusong pinasasalamatan, sa kanilang bukás-loob na pakiki-pagtulungan upang mabuo ang aklat na ito, ang mga sumusunod na kapanalig:

Limitadong Pagbabasa

Ang Kagalang-galang na Mayor ng Capalonga na si G. Ernesto "Boy" M. Jalgalado, Jr. at ang kanyang butihing maybahay, sampu ng kanilang mga anak na sina Dr. Walter Randolph M. Jalgalado at Gng. Kristine Marie "Candy" Jalgalado-Jacobe sa magiliw na pagtanggap sa aming pakikipanuluyan sa kanila. Gayundin ang mga katiwala nilang sina Gng. Ester Pesito at Gng. Jenny Huebes sa maalalahaning pag-aalaga sa amin.

Sina Gng. Arleine I. Serrano ng MPDC ng Munisipyo ng Capalonga at G. Jake G. Gosilatar, Kalihim ng Munisipyo; G. Virgilio Organo, Kalihim ng (bagong) Baranggay Binawangan; at G. Jun Sarmiento, Kapitan ng Baranggay Del Pilar (dating Binawangan na marahil ay siya ngang Binwangan na nabanggit sa IBTL). Sina Gng. Elisa T. Martinez sa marangyang piging na kanyang inihanda bilang agahan ng grupong mananaliksik, at Ms. Cora M. Relova sa masarap na meryenda-sena sa kanyang tahanan.

Si Gng. Sheryl Maminta-Ramos ng Linangan Educational Trips, Co. sa pagsilbing kapwa tagapagtaguyod ng BAKAS, Inc. sa transportasyong ginamit sa unang lakbay-aral ng grupo sa Laguna; at

gayundin sina G. Jaime F. Tiongson, Dr. Grace Barretto-Tesoro at G. Archie Tesoro sa pagbibigay-daan sa masayang lakbay-aral sa Capalonga at Puliran.

Sina Prop. Dr. Victor J. Paz at Prop. Dr. Armand Salvador B. Mijares, Direktor at Kasamang Direktor ng Archaeological Studies Program ng U.P. Diliman, sa kanilang pagpapahalaga sa trabahong iginugol sa paggawa ng aklat na ito; at ang kanilang buong staff na sina Gng. Aida C. Tiama, Gng. Digna L. Jacar, Ma. Theresa T. Lubang, Gng. Reina R. Lomerio, G. Arcadio T. Pagulayan at G. Ramil R. Mainot sa kagandahang loob na kanilang ipinamalas sa mga may-akda, partikular kay Dr. Zeus A. Salazar na napadalas ang pagdalaw sa ASP upang maisagawa ang pana-panahong "pangungulit" sa di iilang kasama sa pananaliksik.

Si Gng. Charmie Ruelo Tiongson, butihing maybahay ni G. Tiongson, at ang kanilang anak na si Bb. Jena Therese Ruelo Tiongson para sa kanilang hindi matatawarang suporta sa proyektong ito. Taos-puso ring pinasasalamatan si Antoon Postma sa pagpapahalagang kanyang ipinamalas sa bukás loob na pagpapahiram ng mga materyales at sipi na makabuluhang ambag sa pagbubuo ng pag-aaral ni G. Tiongson.

Bilang pagtatapos, pinasasalamatan ang mga may-akda mismo at iba pang nag-ambag sa pagbubuo ng librong ito: sina G. Jaime Figueroa Tiongson, Dr. Grace Barretto-Tesoro, Prop. Nancy Kimuell-Gabriel, Dr. Lars Raymund C. Ubaldo, Dr. Zeus A. Salazar, Michael Charleston B. Chua, Ms. Donna N. Arriola, Prop. Michael Armand P. Canilao, Ms. Elle S. Lim, Ms. Anna Carla L. Pineda, Ms. Joan Tara R. Reyes, Dr. Luciano P. R. Santiago, G. Timothy James "Taj" R. Vitales; G. Archie Tesoro, Ms. Cora M. Relova, Prop. Mary Jane Rodriguez-Tatel; Dr. Clemen C. Aquino, Dr. Prospero R. Covar, Dr. Noel V. Teodoro, Frau Imelda Adiáz-Baaske; at Dr. Jack Gilbert I. Medrana, Vito Paolo C. Hernandez, Andrea Malaya M. Ragrario, Lee Anthony M. Neri, Raymond Charles R. Anicete, Princess S. Soroño at Aya Caringal.

Limitadong Pagbabasa